Get a one-ring call? Don’t call back.

Nakatanggap ng tawag na may iisang ring lang? Huwag tawagan.
Tumatayong Assistant na Direktor, Dibisyon para sa Mamimili at Edukasyon sa Negosyo

Noong nakaraan, binalaan namin kayo ng tungkol sa “iisang ring lang” na scam. Iyon ay kapag nakakatanggap ka ng tawag mula sa isang numerong hindi mo kilala, at tumitigil ang tawag pagkatapos ng iisang ring lang. Aasahan ng scammer na tumawag ka, dahil internasyonal na toll number talaga ito at lilitaw na singil sa iyong bill sa telepono — kung saan karamihan sa pera ay mapupunta sa scammer. Kaya, nagbabalik ang scammer para maningil, at nag-isyu ang FCC ng isang bagong abiso tungkol dito. Basahin ang abiso ng FCC para sa karagdagang detalye, ngunit ang payo mula sa dalawang ahensya ay mananatiling pareho kung makakatanggap ka ng isa sa mga tawag na ito:

- Huwag tawagan
- I-report ang robocall sa FTC sa www.donotcall.gov at sa FCC sa www.fcc.gov/complaints
- Laging i-check ang iyong bill sa telepono para sa mga kahina-hinala o di-pangkaraniwang singil